

# 1

Takip-silim na sa mga oras na iyon. Tahimik ang paligid ng malaking resthouse na iyon maliban sa panaka-nakang pagbagsak ng ulan. Ang mga kurtinang puti na nakasabit sa antigong mga bintana ay payapang isinasayaw ng malamig hangin.

Isang lalaki ay nakahiga sa kama, tanging kumot lamang ang tumatakip sa kahubaran nito. Mula sa mahimbing na pagkakatulog ay bigla itong naalimpungatan at umaktong tila pagod na pagod. Patamad nitong iniunat and katawan at inihimas ang isang kamay sa inaantok na mga mata. Nabigla ito nang maramdaman ang isang mabigat na bagay na nakadagan sa kabilang kamay.

The next thing Nick knew, natulala na siya sa magandang mukha ng babaeng nakaunan sa braso niya. He shared his bed with a lot of beautiful women before, but this one is giving him a mild heart attack. She looked like an angel without wings with her long soft curls and porcelain white skin.

Bahagyang gumalaw ang babae para isiksik ang ulo sa katawan niya. Marahan at buong ingat niyang inayos ang pagkakaunan nito sa braso niya upang

huwag itong magising. He needed more time to memorize all the curves that outlined her face. Even her pointy little nose was perfect. Napakaganda ng babaeng katabi niya.

Hinigpitan ng estranghera ang pagkakayakap sa kanya, subalit nanatili itong tulog. Sa bahagyang pagkilos na iyon ay nasaling ng hubad na katawan nito ang ibabang bahagi ng katawan niya.

He groaned lightly because the act immediately sent ripples of sexual tension to his brain. Naisip niya na kung naiiba lamang ang sitwasyon ay kanina pa niya tinugon ang di-sinasadyang 'panunukso' nito. He gathered every ounce of self-control, para huwag itong angkinin sa mga oras na iyon.

Hindi malaman ng binata kung ilang minuto silang nanatili sa ganoong posisyon. Sinikap niyang maalala kung paano siyang nakarating sa silid na iyon kasama ang babae, pero nanatiling blangko ang utak niya.

Ilang pulgada lamang ang layo ng mukha niya mula mukha nito, and he felt the uncontrollable urge to kiss her... slowly... and in very tender strokes....

Marahang iminulat ng estranghera ang mga mata nang maramdaman ang mainit dampi ng mga labi

niya. Nang makita siya ay bigla itong napamulagat at buong pagmamadaling kumawala mula sa pagkakayakap sa kanya.

Nais sana nitong tuluyang ilayo ang sarili, subalit napagtanto nito na iisang kumot lamang ang tumatakip sa hubad nilang mga katawan. Pinili na lamang nitong maupo malapit sa paanan ng binata habang saklot pa rin ng magkahalong hiya at takot ang dibdib.

Masusing pinagmasdan ni Nick ang babae habang pilit na inaalala ang mga detalye ng nangyari ng nakaraang gabi. Nagduda siya kung bakit hindi ito makatingin sa kanya nang derecho.

Ang mahinang pagpatak ng ulan na naririnig sa buong kabahayan ay nahalinhinan ng malakas na pagkulog at pagkidlat. Bumuhos ang malakas na ulan sa labas kasabay ng pagbuhos ng mga alaala sa isip ng binata. Tila sumakit ang ulo niya nang maalala kung sino ito.

“Damn!” pabulong na sabi niya. Tumingin siya sa kisame at humugot ng malalim na hininga bago bumangon. Isinuot niya ang boxer shorts na kinuha mula sa cabinet, habang tinitingnan ang kabuuan ng kuwartong kinaroroonan nila. Napailing na lamang siya nang makita ang paubos nang bote ng alak at

mangilan-ngilang strawberries na nasa lamesa.

“Sina Edward, nasaan?” tanong niya sa babae.

Yumuko ito at umiling na tila naaalangan din sa sitwasyong kinasasadlakan nila. Mas lalo pa nitong hinigpitan ang pagkakahawak sa kumot sa takot na mahantad ang hubad na katawan.

“Make yourself decent.” walang emosyong sabi niya bago lumabas ng silid.

Pasalampak siyang umupo sa antigong sofa at wala sa loob na inihilamos ang kamay sa mukha. Tulala niyang tiningnan ang vase na nasa center table habang ang tingin ay tumatagos patungo sa kung saan. Ilang minuto siyang nasa ganoong ayos.

Ilang sandali pa ay pumunta siya sa banyo ng kabilang kuwarto para maligo. Ilang beses niyang sinabon ang ulo na para bang maaalis ng malamig na tubig ang mga alaala ng nagdaang gabi kasama ang isang di-kilalang babae. Tila tuksong binalikan ng isip niya ang mga pangyayari...

---

*“Happy birthday, Bro!” bati sa kanya ni Edward. Base sa pilyong ngiti nito ay tiyak na may plano na naman itong hindi maganda.*

*He just turned twenty-eight, at inarkila ng kapatid ang VIP bar na iyon para roon idaos ang kaarawan niya. Matagal na niyang kakilala ang halos lahat ng imbitadong panauhin. Marami sa mga ito ang kasosyo niya sa negosyo at ang iba naman ay matataas na tauhan sa kanilang kompanya.*

*“Walang mga babaeng naglalambitin sa ledge,” aniya na sinulyapan ang mga bisitang dumalo. “I must say I’m disappointed, Edward.”*

*“Later,” sabi nito na ngumiti nang tila nakakaloko.*

*“Hey, Chap, I know that look,” babala niya. “Ano na naman kayang kalokohan ang binabalak mong gawin, at my expense?” Muli siyang tumingin sa paligid at kaagad niyang nakita si Charlie. Sa tuwing nagkakasama ang dalawa ay sadyang may nangyayaring hindi kanais-nais.*

*“Halata bang hindi ko inimbita ang Mama?” Edward grinned amid the loud music.*

*They are known in most social circles as the heir and the spare. Ilan sa kanilang mga kakilala ang nagsasabing napakalaki ng pagkakaiba nilang magkapatid. Marahil ay dala iyon ng malayong agwat ng mga edad nila. Nine years, to be exact.*

*Nick has always been the calculating one—nag-*

*iisip muna nang ilang beses bago gawin ang isang bagay. Si Edward, palibhasa ay mas bata, ang pilyo at kadalasang matigas ang ulo.*

*Pero walang itulak-kabigin sa kanila ng kapatid kung hitsura at tindig lamang ang pagbabasehan. Their mother, the socialite Mrs. Agatha Molina, has had quite a handful of female headaches because of them.*

*“Benjie, isa pa nga para sa birthday boy,” senyas nito sa waiter. Kung anuman ang inilagay nito sa inumin ni Nick ay silang dalawa lamang ang nakakaalam.*

*“Hey, Dude!” mula sa kung saan ay sigaw ng isang tinig. “Pumayag na ba?” tanong ni Charlie habang itinuturo siya mula sa malayong parte ng silid.*

*Lasing na lasing na siya nang ihatid nina Edward at Charlie sa isa sa mga silid ng malaking resthouse na pag-aari ng kanilang pamilya. Buhay pa ang lolo nila ay nakatayo na iyon sa bahagi ng Tagaytay kung saan kitang-kita ang kabuuan ng Taal Volcano.*

*It was dark inside the room, but the faint light coming from the outside let him see the silhouette of a woman’s body. Sa tingin niya ay sadya itong naghihintay sa pagdating niya. Sa kalasingan ay kaagad niyang hinubad lahat ng damit na suot at marahas na tinanggal ang kumot mula sa katawan*

*ng babae.*

*Tuluyan na siyang inalipin ng kamunduhan, the moment he touched the softness of her skin with his bare hands. It was never his habit to bed whores, pero iba ang nararamdaman niya sa mga sandaling ito. He has to own her now. And fast!*

*Inangkin niya ang katawan nito with reckless abandon, pero nanatili itong tahimik at mapagpaubaya. He devoured her like a hungry beast. Impit na napasigaw ang babae, at that moment he entered her, but he was too drunk to even hear her plea....*

---

Biglang nagising si Nick mula sa malalim na pag-iisip. Kandarapa siyang lumabas sa banyo at tumakbo patungong kuwarto kahit na basa pa ang buong katawan niya. May kailangan siyang tiyakin.

Buong pagmamadali niyang binuksan ang pinto, pero wala na roon ang babae. Umalis na ito. Nakaramdam siya ng panghihinayang dahil sa pagkawala nito. It was a weird feeling but he felt it in his heart. Mabibigat ang paang nilapitan niya ang kama at inalis ang kumot na nakalatag doon. Para siyang binundol ng rumaragasang tren nang makita ang bahid ng dugo sa kubrekama.

“Shit!” galit na bulalas niya, sabay sipa sa paanan ng kama. Inihilamos niya ang kamay sa mukha kagaya ng laging ginagawa tuwing may malaking problemang hinaharap. Sumasalit sa isip niya ang inosenteng mukha ng babae habang marahas niya itong inaangkin. Virgin ito!

Nagmamadali siyang nagsuot ng pantalon at nagkukumahog na lumabas ng bahay. Kailangan niyang makita ang babae bago pa man ito makalayo.

---

Sa gitna ng malakas na ulan ay huminto si Anna sa tabi ng daan. Niyakap niya ang sarili para maibsan ang lamig na nararamdaman. Ang suot pa mandin niya ay ang manipis na damit mula pa nang nakaraang gabi. Nang makita niya estranghero na tinutumbok ang lugar na kinaroroonan niya ay nagsimula siyang maglakad palayo.

“Miss!” tawag nito sa kanya. “Wait!”

“Layuan mo ako!” Lakad-takbo pa rin siyang lumayo. Wala itong nagawa kundi ang habulin siya at hawakan sa braso.

“Hey! Hey! P’wede bang tumigil ka sa kakalakad nang walang direksyon?” inis na sabi nito. His half naked glory was dripping wet with rainwater.



“Bitiwan mo ako!” Tinangka niyang bawiin ang kamay pero hindi iyon binitiwan ng binata.

“At saan ka naman pupunta?” Tila nauubusan na rin ito ng pasensya. “Kung inaakala mong may dadaang sasakyan dito ay nagkakamali ka dahil bukod sa pribado ang lugar na ito ay nakikita mo naman siguro na mukhang may parating na unos.”

Umiwas siya ng tingin. “Meron akong importanteng pupuntahan,” matigas na turan niya.

“Who?” patuyang saad nito. “Another customer?”

Kahit hindi niya nakikita ang sarili ay alam niyang namula ang mukha niya sa sinabi nito. “Wala ka nang pakialam doon!” Ipinagpatuloy niya paglalakad.

“Miss, ano ba?” Mabilis nitong hinawakan ulit ang kamay niya. “You’re going to catch a cold if you keep on doing this!”

Kumunot ang noo niya sa nahigingang pag-aalala sa boses nito. “Ako naman ang magkakasakit, hindi ba?”

“Well, it’s your unlucky day, dahil hindi ako ang tipo ng lalaking nagpapabaya sa babaeng kasama ko. There’s no way in hell I’m going to leave you out here!”

“Sinabi nang kaya ko ang sarili ko!” pagmamatigas niya. Ipiniksi niya ang kamay niyang hawak nito.

“God, ang tigas ng ulo mo!” Walang inaksayang panahon ang binata at parang walang anumang pinangko siya pauwi sa resthouse.

Nagpapapalag si Anna para makawala mula rito. “Ibaba mo ako, ano ba!”

Ibinaba siya nito na tila napagod sa pagsalag sa mga kamay niya. “You’ve got quite a temper, Lady!” Hinawakan siya nito sa magkabilang pisngi at hinalikan sa mga labi bilang parusa.

Nick was lost once again. Her succulent lips were thoroughly drenched in water and it looked so inviting. Sandali siyang nawala sa katinuan nang maramdamang tumutugon na rin ang babae sa init ng halik niya. Her hands began circling his body in surrender. They exchanged passionate kisses in the middle of the pouring rain.

Siya ang unang kumalas sa pagkakayakap sa babae at ngumiti. It looked as if she was still in a trance after that mind-numbing kiss. “Good girl.” He held her hands and carefully wrapped them around his neck. Muli niya itong pinangko at dinala pauwi sa lumang resthouse.

“Siguro ay kakasya sa iyo ang isang ito.” Ibinigay sa kanya ng binata ang isang malaking tuwalya at isang oversized jersey shirt. “That used to be my soccer uniform in high school.”

Inilapag nito iyon sa kama kaya sabay silang napatingin sa pulang mantsa sa bedsheet. Kasabay ng pamumula ng pisngi ni Anna dahil sa matinding kahihyan ay buong pagmamadali niyang kinabig ang parteng may dugo.

“Lalabas na muna ako.” Taliwas sa kanya ay walang mababanaag na anumang reaksyon mula sa mukha nito. “Titingnan ko kung nakapasok na ang tubig-ulan dito sa loob.”

He stopped midway toward the door and looked back. “By the way, my name is Nicholas. You can call me ‘Nick’,” he said as he studied her. “My brother told me that I should call you ‘Anna’. Is that your real name?”

Marahan siyang tumango.

Matipid na ngumiti ang binata. “I’ll be right back.”

Nakahinga siya nang maluwag nang tuluyan

na itong nakalabas ng pinto. Sa kauna-unahang pagkakataon ay napansin niya ang pisikal na anyo ng lalaking nakatalik niya nang nakalipas na gabi. He was tall, lean and extremely good-looking.

His mestizo features mixed well with his aristocratic air. Kahit na puting t-shirt lamang ang suot nito ay hindi hindi niya maiwasang ihalintulad ito sa mga modelong nakikita lamang niya sa mga pambabaeng magazine. He was that handsome.

She sighed. Ang suwerte niya at isang kagaya nito ang unang nakaangkin sa kanya.

Kasalukuyan siyang nakaupo paharap sa tokador habang sinusuklay ang mahabang buhok nang marinig niya ang isang marahang katok sa pinto. Bumukas iyon at iniluwa ang guwapong mukha ng binata.

“I need your help,” sabi nito at kaagad ding umalis.

Lumabas si Anna mula sa silid na ang tanging suot ay ang malaking t-shirt na hanggang itaas lang ng tuhod ang haba. Nakita niyang isinasarado ni Nick ang lahat ng bintana at pinto ng bahay para hindi makapasok ang tubig na dala ng malakas ng ulan.

“Papatayin ako ng kapatid ko kapag nalaman

niyang pinabayaan ko ang mga antiques na iniregalo niya kay Mama.”

“Si Edward?” wala sa loob na tanong niya na nakitulong sa pagsasara ng mga bintana.

“Yes,” sagot nito na tila may nabuong konklusyon sa isip.

Ang ilan sa mga gamit ay nabasa ng ulan kaya inilagay nila ang mga iyon sa malaking lamesa sa gitna ng dining area para patuyuin. Pagkatapos maisara ang pinakahuling bintana ay umupo ang binata sa isa sa mga upuan doon at tinulungan siyang punasan ang mga antique items.

“Matagal na ba kayong magkakilala ng kapatid ko?”

“Hindi,” matipid niyang tugon. “Kahapon ko lang siya nakilala.”

Nanatili itong tahimik kahit na tila may nais itong itanong o sabihin.

“He’s quite good-looking,” aniya habang inaalala ang mukha ng lalaking nagdala sa kanya sa resthouse na iyon. Abala siya sa ginagawa kaya hindi niya napansin ang biglang pagkunot ng noo ng kausap.

“You’re out of luck then,” pahayag nito habang

binibistahan ang isang lumang kuwadro. “My brother doesn’t sleep with women for hire.”

Nahinto siya sa pagpupunas ng nabasang antique vase. Malamang ay rumehistro sa mukha niya ang hapding idinulot ng sinabi nito kaya sandali rin itong natigilan.

“Your brother said the same thing about you.” Her eyes briefly glinted with contempt. “Pero ginawa mo rin.”

“Hmm...” Ngumiti ang binata. “Nangangagat ka rin pala. That should explain the bite marks on my shoulders.”

“Ikaw ang naging marahas kagabi at hindi ako,” mahina ngunit madiin niyang sabi.

Padarag nitong ibinaba ang antique lamp na hawak at humarap sa kanya. “I had to because you were as stiff as a tree.”

“Really?” asik niya habang nakipagsukatan na rin ng tingin dito. “Hindi kasi halata sa panlabas mong anyo na sadista ka!”

“Me, a sadist?” turo nito sa sarili. “All I can remember is that I made passionate love to you last night. Ibang lalaki siguro ang tinutukoy mo.”

*Bayarang Puso - Satine Ortega*

---

“It was more like going to war than making love!”  
aniya bago humakbang palayo. “Now if you’ll excuse  
me, I’m already running out of insults to hurl at you.”

Iniwan niyang tulala ang binata.

## 2

Patuloy ang pagdagundong ng kulog at kidlat sa madilim na kalangitan. Mula sa labas ay hindi pa rin nagpapaawat ng malakas na ulan. Ang tanging tanglaw sa silid na iyon ay ang maliit na gaserang halos kalahating kerosene na lamang ang laman. Umaga na pero madilim pa rin ang paligid.

Isinandal ni Nick ang katawan sa hamba ng pinto para titigan ang dalagang nakaupo sa gilid ng kama. Ilang sandali pa ay nilapitan niya ito at niyuko.

“Was I that ruthless?” he whispered as he raised her chin so he could meet her eyes.

Pasimpleng iniwas nito ang mukha mula sa pagkakahawak niya. “You were drunk.”

“I’m sorry,” sabi niya habang matiim pa ring nakatingin sa dalaga. “It won’t happen again. I promise.”

“Of course,” patuyang saad nito. “You never sleep with prostitutes.”

“I meant the ruthless part,” pagtatama niya habang tinatawid ang pagitan nila. Banayad niya



itong hinalikan sa labi matapos ng sandaling pag-aatubili.

Anna suddenly felt a shiver down her spine. Nick's kisses were so slow that it leaves her breathless and yearning. Marahan nitong kinagat-kagat ang mga labi niya na tila ba kumakain lamang ito ng mansanas.

His hands explored her whole body by softly tracing her skin. Tanging balahibo lamang niya sa katawan ang nadadapuan ng mga haplos ng binata, pero tila pinupukaw niyon ang bawat himaymay ng pagkatao niya.

In slow gentle strokes, his hands glided underneath her shirt. It gave her a sensation so arousing that she had to writhe in all directions. Hinaplos nito ang katawan niya mula baywang... papuntang balakang... patungo sa kanyang dibdib. Pati mga hita at mga paa niya ay hindi rin nito pinaligtas. He was barely even touching her skin but she was almost recoiling in ecstasy.

Nick sat behind her and slowly took off her shirt and kissed whatever skin the garment left behind. He was kissing her back in slow, gentle and teasing strokes. Halos hindi siya makahinga sa luwalhating dulot ng ginagawa nito.

Anna savored every moment while caressing his bare skin as she had no chance to do it on their first night. He guided her inexperienced hands toward intimate zones where he wanted to be touched.

He kissed and caressed parts of her body where bone meets the skin... her shoulder blades... her collarbone... her ribcage. Ibinaon ng dalaga ang mga daliri sa makapal nitong buhok at hindi maiwasang mapaungol sa sensasyong nararamdaman.

Patuloy pa rin ang pagkulong, pagkidlat at pagulan sa labas ng resthouse, subalit walang pakialam doon ang dalawang magkaniig.

Nick saw a gleam of hesitation in her eyes before the union of their bodies took place. He looked at her tenderly and whispered, "Trust me..."

Pumikit siya at marahang tumango.

---

"Did I make up for last night?" he asked as he showered her face with butterfly kisses. Komportable siyang nakaunan sa braso ng binata habang nilalaro ng mga daliri niya ang matipunong dibdib nito.

Ngumiti siya at tumango. "It was much more than I expected."

Yumuko si Nick at tumingin sa kanya. “I’m really sorry about last night,” seryosong saad nito.

“Pangalawang beses mo nang sinabi iyan—”

“I mean it,” anito habang hinahaplos ang pisngi niya. “Being too drunk is not an excuse to treat you the way I did.”

“It did hurt a lot last night.” Napakagat-labi siya. “Especially the part when you first entered—” Bigla siyang natigilan nang makita ang pilyong pagkakangiti nito.

“Oh, that part...” He nodded.

“Nick!” namumulang saway ni Anna.

“What?”

“Stop teasing me!” Hinampas niya ito ng unan.

“Ikaw ang unang nagkuwento tungkol doon at nakinig lang ako,” katuwiran nito, sabay ilag.

“It’s not funny.” She crossed both hands on her chest and pouted.

Sumeryoso si Nick at pinasadahan ng haplos ang braso niya sa pamamagitan ng isang daliri. “Honey, losing your virginity is as natural as the waning of the moon,” saad nito. “Hindi mo dapat ikahiya ‘yon.”

Ilang sandali pa ay hinarap na niya ito. “How did you lose yours?”

“Hmm...” Tumingin ito sa itaas na tila may inaalala. “I was probably fifteen then.” He grinned. “I did it with an older woman.”

“Ano’ng naramdaman mo?”

“Masakit,” natatawang tugon nito. “There was blood everywhere.”

Naghari ang katahimikan kasabay ng muling pamumula ng mukha niya.

“Bakit kasi iyan ang pinag-uusapan natin?” anito habang pinaglilikot ang kamay sa ilalim ng kumot. “May iba naman tayong puwedeng gawin.”

“Later, Nick.” Pinigil niya ang naglilimayong kamay nito. “Nagugutom na ako.”

“Are you sure?” he said as he sucked a portion of her shoulder blades.

“Yes,” saad niya. “Kagabi pa ako huling kumain.”

Tila napipilitang inihinto nito ang paghalik sa kanyang balikat at tiningnan siya. “What do you want to eat for lunch?” tanong nito. “Ipagluluto kita.”

“Marunong kang magluto?” she teased.

“Why?” kunot-noong tanong ng guwapong binata. “Do I look like someone who don’t?”

She giggled like a little girl.

“That’s so much better,” komento nito nang makita ang biglang pag-aliwalas ng mukha niya. Sa wakas ay tuluyan nang nawasak ang kung anumang pader na nakapagitan sa kanilang dalawa.

Magkahawak-kamay silang pumunta sa kusina at binuksan nila ang mga cabinets doon para tingnan kung ano ang puwedeng lutuin. Sa gitnang cabinet ay nakakita siya ng instant noodles at tuna.

“Hmm... maraming alak pero walang pagkain,” nakangusong puna niya.

“Blame Edward,” nailing na sabi nito. “I have a bad feeling, na pinag-day-off niya ang dalawang katiwala rito.”

Ipinakita niya rito ang isang pakete ng pancit canton. “Kumakain ka ba nito?”

He smiled sheepishly. “Minsan.”

“Now why am I not surprised?”

“Hindi iyan ang kakainin natin ngayon,” salungat nito habang tinitingnan ang laman ng isang cupboard.

“Let me think of something else.”

Kinuha nito ang dalawang lata ng hot and spicy tuna at binuksan ang mga iyon. Nagpakulo ito ng tubig sa kaldero at mula sa plastic ay ibinuhos doon ang dried macaroni. Naupo ang dalaga sa gilid ng mahabang lamesa habang pinapanood ang ginagawa nito. He chopped a few white onions while giving her curious glances.

“Kanina pa nakakunot ang noo mo dahil may gusto kang itanong,” puna niya habang binubuksan ang isang lata ng pineapple juice. “Spill it out.”

“Nope.” Umiling ito. “I won’t ruin this peaceful morning by asking questions.”

“Okay,” kubit-balikat niya. Alam niyang hindi rin matatahimik ang binata.

Saglit na inilapag nito ang hawak na kutsilyo. “You know, for someone....” Hindi rin nito tinapos ang gustong sabihin.

“For someone who gets paid by the hour to sleep with strangers... yes?” she queried.

“You seem to be very well educated,” komento nito na tila nakahinga nang maluwag. “There, I said it.”

“I finished college,” walang anumang lahad niya. “I have a degree in Literature and Foreign Languages.” Kumuha siya ng pineapple chunk mula sa lata.

Marahas nitong iniangat ang ulo at kunot-noong tinitigan siya. “Then who are you?”

“I am a courtesan, Nick,” nakangiting tugon niya. “Normal lang na maging edukada ang mga babaeng kagaya ko. It ups our market value.”

“Courtesan?” Of course, Nick has heard of the word before. It’s a secret not so many people spoke of in the elitist circle that he belongs to. *High-class prostitutes*, kung tawagin ang mga ito ng ilan sa mga kaibigan niya.

“Now you’re curious.” Sumilay ang isang pilyang ngiti sa mga labi niya. “Have you ever heard of the saying, ‘curiosity kills the cat?’”

“It’s just a question.”

“Fine.” Sumagap siya ng malamig na hangin para punuin ang baga. “I come from a long line of courtesans. Mga propesyonal na querida at kaulayaw sa kama.” Iglap na napalitan ng yelo ang kanina lamang ay masaya niyang mukha. “Sa maikling salita ay laruan ng mga mayayamang walang magawa sa pera nila.”

“But you’re beautiful and well-educated,” turan nito. “You can find a more decent job.”

“Magkano lamang ba ang kikitain ko sa isang regular na trabaho?” aniya. “Most of us have quite an expensive lifestyle to sustain.”

“Kahit na.” Hindi nito naiwasang maging marahas ang pananalita.

“It’s not something I can explain, Nick.” Iniabot niya rito ang isang baso ng pineapple juice. “Hindi pa ako ipinapanganak ay ganito na ang mga babae sa pamilya namin.”

Tumango ito; his lips were barely twitching. “Edward must have paid a king’s ransom just to get you to sleep with me.”

“He paid enough.”

“Enough to get you out of that courtesan thing for the rest of your life?” usisa nito, sabay lagok ng pineapple juice mula sa baso.

“No.” She smiled. “Just enough to sustain me until the next client comes along.”

Hindi nakaimik si Nick sa sinabi niya. May tila kung anong bumikig sa lalamunan nito na hindi kayang alisin ng anumang likido. Sinulyapan siya nito



habang inililipat ang macaroni sa strainer. “Lahat ba kayo ay kasing-ganda mo?”

Ngumiti siya. “If I didn’t know you any better, I’d say you’re already in the bag.” A hint of mischief sparked in her eyes.

Umiling ito. “You don’t know me. Period.”

“Oh, I know you,” pagtatama niya, sabay lapit dito. “Kagaya ka rin ng ibang lalaking nagkukunwaring kontrolado ang lahat ng bagay sa mundo.” She planted wet kisses on his nape while her arms encircled his waist.

Goosebumps immediately ran down Nick’s spine.

Nabigla man sa ginawa niya ay hindi rin ito nagpahalata. Their bodies created a sizeable amount of friction as he turned around to face her. “But?” sabi nito na tila ba humihingi ng mas mahabang paliwanag.

“You’re also a scared and needy child inside,” tila nang-aarok na sabi niya, sabay turo sa puso nito.

His face slowly broke into an all-knowing grin. “Care to put a wager on that?” anito na tila nanghahamon.

Nagkibit-balikat lang ang dalaga at tahimik na

inubos ang iniinom na pineapple juice. Ilang sandali pa ay nagpaalam na siya para maghanap ng mga lumang gasera.

Nang mapag-isa ay ilang beses napangiti at nailing si Nick. *No wonder she looked awfully familiar.*

---

“Dumidilim na pero wala pa ring kuryente,” iiling-iling na pahayag ni Nick nang hindi umilaw ang chandelier sa gitna ng sala kahit ilang beses pa nitong pinindot ang switch.

“Sindihaan mo na lang kaya ang fireplace,” wala sa loob na sabi ng dalaga.

“Why not?” sabi nito habang naglalaro ang isang malisyosong ngiti sa labi. “I take it you haven’t tried making love in front of a fireplace before.”

“I’m not in the mood, Nick,” she replied as she carelessly tossed her dark brown hair over her shoulders.

“Don’t do that again,” saway nito habang nakatingin sa kanya.

Kunot-noo niyang iniangat ang tingin. “What?”

“Quit tossing your hair as if you were seducing

me.”

“Why?”

“Because I’ll make love to you right here and now, if you do that again.”

She grimaced. “How?”

“Witch,” he murmured under his breath. Na sinabayan niya ng impit na tawa.

“Tapusin mo na lang kaya iyang ginagawa mo.”

“Good idea!” Iyon lang at isa-isa na nitong itinapon ang mga tuyong sanga para mas lalong magingas ang apoy sa harapan nila.

Lihim na napailing si Nick. This woman has the natural ability to switch from an innocent virgin to a hostile prude to a fiery seductress in a matter of seconds. And it’s driving him crazy to the bone. Whew!

“Nick...” pagkuwa’y basag ni Anna sa katahimikan.

“Hmm?” Marahan niyang inilagay ang isang kamay sa balikat ng babae at nilaro-laro ang ilang hibla ng buhok sa ulo nito.

“A-are you married?”

Bahagya niyang ikiniling ang ulo para tingnan ito. “What made you think that?”

“You were pitch drunk last night,” sagot nito na tila hindi makatingin sa kanya. “Akala ko ay nag-away kayo ng asawa mo.”

“Iyon lang ba ang tanging dahilan kung bakit naglalasing ang isang lalaki?” sabi niya habang pilit inaalala kung paano nangyaring nalasing siya sa dadalawang bote ng beer.

“Hindi naman,” iling nito. “You just have that quality in you that can make any woman feel safe amid earthquakes and volcanic eruptions. Masuwerte ang asawa mo.”

He smiled. “Honey, if I were married, I will be at home eating dessert with my wife and kids.”

“Don’t say that,” pagkuwan ay sawata nito.

Muling kumunot ang noo niya. “Why?”

“I might fall in love with you,” she said teasingly.

“You will not be the first,” birong-totoo niya rito.

Katahimikan. Si Anna na mismo ang dahan-dahang kumilos para yumakap sa kanya. “Are you just going to flirt with me all night?” tanong nito.

Lihim siyang napangiti. She made the first move but it didn't feel like she was seducing him. Mas naramdaman niya ang paglalambing sa ikinilos nito kaysa pang-aakit.

“What would you have me do instead?” balik niya.

Saglit na katahimikan ang namayani.

“I want you to make love to me again,” she said amid the faint light coming from the fireplace. “Over and over again while we're here.”

“Why?” Inakbayan niya ang dalaga at muling itinuon ang mga mata sa nagniningas na apoy sa harapan nila.

Marahan nitong inihilig ang ulo sa dibdib niya. “I just have a feeling that other men wouldn't be as tender as you,” sagot nito.

There was something that ripped apart inside Nick's heart as he heard the words. Hinaplos niya ang ilang hibla ng buhok nito at marahang hinalikan. They stayed in the same position for hours. Kapwa walang gustong magsalita.

Nang makitang nakatulog na si Anna sa mga bisig niya ay dahan-dahan siyang kumalas mula sa

pagkakayakap dito. Binuhat niya ito patungo sa silid at inihiga sa malambot na kama. Sinindihan niya ang antigong gaserang naroon at tinakpan ng kumot ang katawan nito.

Umupo siya sa bakanteng upuan sa tabi ng kama at magdamag na binantayan ang natutulog na dalaga. Tila ito isang anghel na pinutulan ng pakpak sa pagkakahiga. He sighed. If this is her way of putting him *in the bag*, it's working.

# 3

Kinabukasan ay nagising si Anna sa amoy ng nilulutong karne. Alas nueve na nang umagang iyon; napasarap ang tulog niya. Patamad siyang bumangon mula sa pagkakahiga at tumungo sa kusina.

“Good morning,” nakangiting bungad ni Nick. Wala itong suot na pang-itaas at ang kupasing maong na pantalon ay basang-basa pa ng tubig-ulan. He looked like a drenched Roman statue. Napangiti siya sa isiping ilang beses na ring naging kanya ang katawang iyon.

“You look gorgeous,” she said dreamily.

“I do?” tanong nito habang tinutuyo ang basang buhok gamit ang isang maliit na tuwalya. Ang kabilang kamay nito ay may hawak na sandok habang nagluluto. “No woman has ever told me that before.”

“Dahil takot silang mawala ka kapag nalaman mong patay na patay sila sa iyo,” tukso niya.

Tumawa rin ito at tumango. “You have a point.”

Ilang sandali pa ay naglagay na ito ng bacon, itlog, kanin at isang pulang rosas sa platong nasa

harapan niya.

“Bacon and eggs for breakfast.”

Ngumiti siya. “I could get used to this.”

“Eat,” utos ng binata habang nilalagyan ng kanin ang sariling pinggan.

“Saan mo ba kinuha ang mga ito?” tukoy niya sa bacon at itlog na kahapon ay hindi naman niya nakita kahit saan.

“Somewhere over the rainbow,” nangingiting sabi nito.

Matapos nilang kumain ay tumayo ito at kinuha ang kamay niya. “Halika ka,” yaya nito, sabay akay sa kanya papunta sa balkonahe. “I want to show you something.”

“Amazing!” nasabi na lamang niya nang makita ang makita ang kabuuan ng *Taal Volcano* sa harapan nila.

Nanatiling malakas ang pagpatak ng ulan sa gawing iyon. Ngunit sa kabila niyon ay kitang-kita pa rin mula sa kinatatayuan nila ang kagandahan ng maliit na bulkan at ang lawang pumapaikot dito.

“How can something so beautiful be so



dangerous?” makahulugang tanong ni Nick habang nakatingin sa payapang bulkan.

Ngumiti siya. “I think you just answered your own question.”

Katahimikan.

“Anna...”

“Hmm?”

“Hindi pa huli para magbagong buhay ka at—”

“Nick, can we just talk about something else?”  
putol niya sa mga sasabihin pa nito.

Bumuntong-hininga ito. “If you say so.”

---

Natapos na ang malakas na ulan at unti-unti nang nakikita ang preskong sinag ng haring araw. Magkayakap silang nakahiga sa duyan na nasa hardin ng malaking bahay.

Kontentong pinuno ni Nick ng preskong hangin ang dibdib nito. “Kapag ganito palagi ang panahon ay hindi ko na gugustuhing bumalik pa sa Maynila.”

Matipid siyang ngumiti. Iyon din mismo ang nais niyang sabihin sa binata. Lalo na ngayong ilang oras

na lamang at magkakahiwalay na sila.

Tumunog ang cellphone nito kaya nagpaalam ito sandali upang sagutin ang tawag. “Hello, Bettina!” masayang bati nito. “Why, thank you, Sweetheart...”

Marahang umalis si Anna mula sa duyan at pumasok sa loob ng bahay. Sa tingin niya ay matatagalan pa ang pakikipag-usap nito sa telepono. Walang asawa si Nick, pero hindi niya naitanong kung may girlfriend na ito o wala. Ano naman ang pakialam niya kung mayroon?

Sa gitna ng pag-iisa ay napagpasyahan niyang tawagan sa cellphone ang tiyahing kasama ng kanyang yumaong ina sa pagpapalaki sa kanya. Her mother died three years ago. Ang itinuturong salarin ay ang kabiguan nito sa pag-ibig.

“Hija, where are you?” nag-aalalang sabi ng tiyahin. “Ang sabi ni Becky ay sinundo ka ng isang guwapong lalaki dalawang araw na ang nakararaan.”

Dala ng nakagisnang propesyon ay pinong kumilos at magsalita ang kanyang Mama Beth. Isa rin iyon sa mga itinuro nito sa kanya habang nagdadalaga siya.

“I’m in good hands, Mama Beth,” tugon niya. “Nandito ako sa Tagaytay kasama ang isang

mayamang negosyante. Kapatid siya ng lalaking sumundo sa akin.”

“Oh my!” nasisiyahang saad nito. “I hope he paid you well for your *first night*.”

Napangiwi siya sa sinabi nito. “H-he did.”

“What’s he like, my dear?” tanong nito. “Is he handsome? Is he romantic? Is he married?”

“Nick is filthy rich,” simpleng sagot niya. “That’s all you need to know.”

“Nick...” anito na tila ba ninanamnam ang bawat letra ng pangalang iyon. “I’m sure he has a famous last name.”

“I don’t care about his last name. I’m only interested in his money.” Tiyak niyang iyon ang nais na marinig ng tiyahin maski salungat sa kalooban niya.

“All right, Hija, but always remember the rule. Never fall in love with your client and don’t you ever—”

“I know what to do, Mama Beth. Ako ang magpapa-ikot sa ulo niya,” putol niya para hindi na humaba pa ang mga maling pangaral nito. “Not the other way around.”

“Oh, very good, Hija!” nasisiyang sabi nito. “I’m so proud—”

“Saka na ho tayo muling mag-usap at tiyak na hinahanap na ako ni Nick.” Tila gusto na niyang pagsisihan ang pagtawag dito. “Goodbye, Mama Beth.”

Nagmamadaling pinutol ng dalaga ang tawag kasabay ng pagbuo ng isang mahalagang desisyon sa isip niya. Hindi na niya babalikan ang buhay na nais para sa kanya ng tiyahin.

Tama si Nick. Hindi pa huli ang lahat para makapagbagong-buhay siya. Napabuntong-hininga siya. Sapat na siguro ang perang ibinayad sa kanya ng kapatid nito para makapagsimula.

Sa kabilang banda ay napatim-bagang si Nick sa mga narinig. Nasa isang sulok siya ng sala na hindi nakikita ng dalaga. Hindi niya inaasahang sasabihin iyon ng babaeng kanina lamang ay halos sambahin na niya.

Napakagaling na sinungaling ni Anna para mapaglalaman nito ang isang kagaya niya. Sanay pa mandin siyang kumilatis ng tao. Mabilis na gumana ang utak niya.

---

Nick was sitting quietly in front of the the dining table with a bottle of scotch in front of him. Sa dimalamang dahilan ay nakita na lamang ni Anna na biglang naningkit ang mga mata nito nang makita siya.

“I’m glad you finally decided to honor me with your presence,” sarkastikong sabi nito bago uminom ng alak mula sa baso.

“T-tumawag lang ako sa tiyahin ko para sabihing nasa mabuti akong kalagayan.”

He grimaced. “Did you tell her that you’re with a very rich man too?”

Kumunot ang noo niya. “Nick...”

Muli itong lumagok ng alak bago nagsalita, “Tatapatin na kita, Anna. Gusto kong kunin ang serbisyo mo sa loob ng isang buwan,” malamig na pahayag nito. “Gawin nating dalawa o tatlo kung hindi pa ako magsasawa sa iyo.” Tiningnan siya nito habang pinapaikot-ikot ng mga daliri nito ang basong tangan. “Magkano?”

“What do you mean?” takang sabi niya. Hanggang ngayon ay hindi niya maintindihan ang biglaang pagbabago ng ugali ng binata.

“Simple.” kubit-balikat nito. “Magkano ang bawat halik mo, ang bawat yakap mo—ang pagmamahal mo.”

“Kaya kong ipagbili ang lahat ng iyan puwera ang pagmamahal!” taas-noong ganti niya. Somehow she knew she had to fight back.

“Knowing you, pati iyan ay may katumbas na salapi!”

“Hindi mo ako kilala, Mr. Molina.”

“Napansin ko nga,” he said with a grim look on his face.

“Take your itch somewhere else, Nick,” malamig ang tinig na turan niya. “Maraming babae ang gagawa ng gusto mo nang walang kapalit.”

Tumayo ito at nilapitan siya.

“You don’t understand,” iling nito. “*Ikaw* ang gusto ko kaya samantalahin mo na habang nababaliw pa ako sa iyo.”

“You’re a monster!” sigaw niya. “Katawan ko lang pala talaga ang gusto mo!”

“Samantalang ikaw ay *pera* ko lang ang gusto!” ganting sigaw ni Nick. “We’re even.”

“Funny,” sarkastikong saad niya. “I never thought about your damned money while we were making love!”

Tumawa ito nang pagak. “We had sex, Anna! Carnal and raunchy sex! Don’t sugarcoat it by adding the word ‘love’ into the equation.”

Isang malakas na sampal ang pinadapo niya sa pisngi ng binata bago nagtatakpong pumasok sa silid. Halos mabingi siya sa lakas ng pagkakasarado niya ng pinto. Sa labas ay naiwang nakatunganga si Nick habang hinihimas ang pisnging nasaktan.

Nahiga siya sa kama at doon pinaalpas ang lahat ng sama ng loob. Ilang sandali pa ay marahang umingit ang pinto. She heard his footsteps coming toward her. Huminto lamang ito ilang talampakan mula sa kanya.

“Matulog ka na at maaga pa tayong babalik sa Maynila bukas.”

“Hindi ako sasama sa iyo,” malamig niyang tugon.

“Let’s talk about that tomorrow,” anito bago lumabas ng kuwarto.

May maliit na bahagi ng puso ni Anna ang

umaasam na muling pumasok ang binata at kausapin siya. She knew they needed to talk. Ngunit tumilaok na lamang ang manok kinaumagahan at hindi na niya ito nakita.

---

Kinabukasan, maagang gumising si Anna upang makapaghanda para sa mahabang biyahe papuntang Maynila. Isinuot niya ang damit na ilang beses na niyang nilabhan para isuot muli. Pakiwari niya ay pumunta siya sa giyera na walang dala kahit na isang armas.

Nick, on the other hand, was a vision of machismo sa suot nitong maong jeans, body fit white shirt and black *Gucci* shades. Preskong-presko itong tingnan dahil sa basang buhok at namumulang balat.

Pababa siya mula sa sementong hagdanan patungong kalsada kung saan naghihintay ito sa tabi ng isang itim na *Volvo*. Pakiramdam niya ay malalaglag siya mula sa matarik na hagdanang iyon nang makitang hinubad ng binata ang shades nito. Titig na titig ito sa kanya.

“My offer still stands,” umpisa nito nang makaharap siya. “Hop in.”

“Umalis ka na, Nick,” inis na sabi niya. “Baka



mamaya ay singilin pa kita sa pakikipag-usap ko sa iyo.”

Pinagkrus nito ang dalawang kamay sa dibdib. “How much would you charge me for this conversation?”

“Isang milyon bawat salita!” angil niya. “Kaya umalis ka na! I hate you so—”

Pinutol ng binata ang iba pa niyang sasabihin sa pamamagitan ng isang marahas na halik na iginawad nito sa kanyang labi. Na para bang pinarurusahan siya nito pagkatapos niyang gumawa ng isang malaking kasalanan.

“Nicholas, ano ba!” protesta niya habang itinutulak ito palayo. Sukat doon ay bigla na lamang siyang binitiwang nito. Was it pain that she saw in his eyes? Hindi siya sigurado.

A lazy smile slowly curved his lips. “Good luck finding a cab then.” Pumasok ito sa loob ng sasakyan at tiningnan siya. “Nandito lang ako sakaling magbago ang isip mo,” dugtong nito bago itinaas ang salamin ng bintana.

Pilit niyang inilayo ang tingin sa kotseng nasa harapan. Tila nadoble ang pagkailang niya sa isiping tinitigan siya ni Nick mula sa loob. Darkly tinted pa

mandin ang sasakyan at hindi niya makita ni anino nito.

Nagsimula siyang maglakad nang walang direksyon. Mas mabuti na iyon kaysa naman tumunganga siya sa tabi ng kotse ng binata. Hindi na siya nagulat nang marinig na umandar ang *Volvo* para umagapay sa kanya. She could only imagine his evil grin inside her head.

Sumasakit na ang mga paa niya sa humigit-kumulang tatlumpong minutong paglalakad, pero wala pa rin siyang makitang ibang sasakyan na dumadaan sa kalsada. Ang *Volvo* lamang na umaagapay pa rin sa kanya ang nakikita niya. Sa kawalan ng pag-asa ay huminto siya at kagyat na kumatok sa bintana ng kotse. Binuksan ng binata ang pinto ng passenger seat at pinapasok siya.

“Is that a yes?” tanong nito nang makaupo siya.

“Ipapagamit ko lang naman ang katawan ko sa iyo kapalit ng pera mo, hindi ba?” patuyang sagot niya. “That’s easy.”

Hindi nito alam kung matutuwa o magagalit sa narinig. “That’s what I like about you, Anna, wala tayong ipinagkaiba sa isa’t isa. Pareho tayong tuso pagdating sa pera.”

“Alam ko,” mataray na sabi niya. “Pero mas tuso ako kaysa sa iyo.”

Tumawa ito nang pagak. “You obviously don’t have any idea who you’re talking to.” Pinaharurot na nito ang sasakyan upang simulan ang biyahe nila pabalik sa lungsod.

---

Naging napakabagal ng oras para sa kanya habang tinatahak nila ang daan patungong Maynila kaya nagpasya siyang matulog na lamang. Nagising lamang siya nang maramdaman ang bigat ng titig ni Nick sa kanya.

Sandali silang nagkatinginan bago ito ang unang bumawi ng tingin. “I stopped for some gas.”

Iginala ni Anna ang mga mata sa paligid. Nasa tapat sila ng isang malaking gasolinahan. Napatingin siya sa attendant na lumapit sa binata upang papirmahin dito ang resibo ng credit card. Saglit muna nitong binasa ang maliit na papel bago pirmahan. Ibinalik ng attendant kay Nick ang credit card pati ID nito.

“Siguradong nagugutom ka na. Mayroong restaurant diyan sa tapat. Kain muna tayo,” yaya nito saka naupo sa harap ng manibela. “Let’s go.”

Aktong papasok na sila sa gusali nang tumunog ang cellphone ng lalaki. Pinauna na siya nito sa loob dahil sasagutin pa nito ang tawag.

Hindi iilang mata ang napatingin kay Anna habang tinatahak niya ang direksyon ng isang bakanteng mesa. Nasanay na siya sa atensyong ipinupukol sa kanya ng mga anak ni Adan kaya hindi niya alintana ang paghanga ng mga ito na tila naglalagos sa manipis niyang damit. Maging ang pagbubulungan ng mga binatilyo sa counter ay hindi niya binigyang-pinansin.

“Hi, Miss!” sabi ng isang guwapong lalaki na sumulpot mula sa kung saan ilang segundo lamang matapos niyang maupo. “Is this seat taken?”

“Yes, it is,” said a dangerous voice behind her. Nilingon niya ito at nakita niya ang mala-yelong ekspresyon sa mukha ni Nick.

“Uh, I’m sorry about that,” alanganing sabi ng lalaki na halatang napahiya. “I just thought you needed company.”

May inilagay itong isang maliit na papel sa tapat niya. Hindi nito inalis ang pagkakatingin sa kanya. “Call me,” sabi nito, sabay kindat.

Alam niyang may-kaya rin ang lalaki, pero maging

siya ay hindi nagustuhan ang tahasang pambabastos nito sa presence ni Nick. Naputol lamang ang kanyang malalim na pag-iisip nang bigla siyang halbutin ng kasama para akayin palabas ng restaurant.

“Ganyan ka na ba kadesperado at pati dito ay naghahanap ka ng mayayamang kliyente?” mainit ang ulong sumbat nito.

“Ano?” she said indignantly.

“Oh, c’mon, Anna!” anito, sabay muwestra ng dalawang kamay. “You know what I mean.”

“Obviously, I don’t!”

“Stop playing innocent with me, you little whore!” tila kulog na dumagundong ang boses nito sa tainga niya.

Binalot sila ng sandaling katahimikan.

“Ano ba ang ginawa kong mali, Nick?” tanong ng dalaga na nakapagpabalik sa lalaki sa katinuan.

Natilihan si Nick. Kung tutuusin nga naman ay wala itong ginawang masama. Hindi na kasalanan ng dalaga kung nagagandahan man dito ang mga lalaking nasa loob ng restaurant. Nakita niya ang buong pangyayari mula sa kinatatayuan niya kaya alam niyang walang ginawa si Anna para akitin ang

lalaking nagbigay rito ng calling card.

“I can’t stand this anymore.” Kinuha nito ang bag na nasa loob ng sasakyan at nagmartsa palayo sa direksyon niya. “Kung hindi mo rin lang naman ako rerespetuhin ay maghiwalay na lamang tayo ng landas.”

“Oh, this is great!” komento niya, sabay taas ng dalawang kamay sa ere. “Magpapahabol ka na naman ba?”

Huminto ang dalaga at hinarap siya. “Hindi ko sinabing habulin mo ako!”

“But I’m still chasing after you, damn it!” His voice, though controlled, promised violence. “Huwag mo akong magmumukhaing tanga, Anna.”

Katahimikan.

“It’s getting late,” pagkuwan ay sabi niya sa malamig na tinig. “Umuwi na tayo.”

---

Pagkatapos ng halos tatlumpong minuto sa daan ay huminto ang kotse sa tapat ng isang malaking mall. Mabilis na naglakad ang binata papasok doon habang karay-karay siya sa isang kamay.

He talked to a man who looked distinctly businesslike and gave him his car keys. Ang ibang staff na naroon ay tila nagkukumahog na batiin sila. Napaisip siya tungkol sa kasama. He must be a damn big customer in this place to deserve that kind of respect.

Dumerecho sila sa isang secluded entrance malapit sa information desk. Iyon mismo ang ginamit nila para makatawid mula sa mall papunta sa condominium building na nasa likuran lamang niyon. Both structures were located at the heart of the metropolis.

Ilang saglit pa ay narating na nila ang isang parking lot na sa tingin niya ay para lamang sa guwapong katabi niya. Nagsimula nang maghinala si Anna.

Apat na luxury cars ang nakaparada roon... a silver *Bentley*, a black *Audi* convertible, a scarlet red *Alfa Romeo* and a blue *Dodge Viper*. Nagulat pa siya nang biglang pumasok ang itim na kotseng sinakyan nila kanina.

The car fit perfectly into the empty space just as her thoughts fit like a puzzle. Si Nick ang may-ari ng lahat ng ito! She was stunned. Alam niyang mayaman ang lalaki, pero hindi sa paraang ganito.

“This is where I live,” simpleng sabi nito.

Natutulala siya sa garbo ng pinasukang pad matapos nilang sumakay sa isang private elevator na nasa gilid lamang ng parking lot. The room was a combination of steel, silver and blue, with a few random touches of white.

Mula sa pinasukang pinto ay kaagad na makikita ang isang flat screen TV na kaharap ng isang malaking sofa. Sa gilid nito ay isang mini-bar na puno ng mga mamahaling uri ng alak. Malaki ang pad na iyon para sa isang tao lang, but she felt so uninvited.

Hawak pa rin nito ang kamay niya hanggang umakyat sila sa isang hagdanang yari sa bakal patungo sa ikalawang palapag. Saglit siya nitong iniwan at kaagad namang bumalik para ibigay sa kanya ang tsekeng naglalaman ng halaga ng buong pagkatao niya.

Oo nga pala. Naaalala na niya. Kanina lamang ay binili na siya ng binata. “That should be enough,” sabi nito.

Tiningnan niya ang nakasulat sa tseke at nalula sa halagang nakalagay roon. “Enough to last me two lifetimes?” sarkastikong saad niya.

Kumibit-balikat ito. “I’m a good customer.”



Umirap siya. “Saan ang magiging kuwarto ko?”

“Natin?” anito habang binubuksan ang isa sa mga pinto. “This one.”

Bumuntong-hininga siya. “Umpisahan mo na at nang makarami ka,” patuyang ganti niya habang nakatingin sa malaking kama.

Katahimikan.

Kinuha ni Nick ang isang credit card mula sa pitaka at ibinigay sa kanya.

“Ano ito?” kunot-noong tanong niya.

“Baon mo,” malamig na sagot nito.

“Aanhin ko naman ito?”

“Bumili ka ng yate kung gusto mo,” inis sabi nito, sabay talikod.

*Huh? Nakalimutan ba ng lalaking ito na kailangan pa ng identification niya sa credit card transaction? As if magagamit ko ito! “Akala ko ba ay—”*

“Nawalan ako ng gana,” tila galit na tugon nito. Halos magiba pa ang pinto sa lakas pagkakasarado nito. Aba’t ang impertinenteng lalaki ay nilayasan siya?

*Bayarang Puso - Satine Ortega*

---

She was expecting that Nick will have her in bed that night, pero mag-uumaga na ay hindi pa rin ito pumasok sa silid na iyon. She was ceaselessly looking at the door, umaasang maisipan nito na roon na lamang magpalipas ng gabi sa tabi niya.

He never did.